# Kasaysayang Bayan at Tradisyonal na Kasaysayan: Epekto sa Nasyonalismo at Pambansang Identidad ng mga Mag-aaral

**Czarina B. Agcaoili**

## Introduksyon

Ang nasyonalismo ay pag-ibig sa bayan. Bahagi nito ang paggigiit sa soberanya ng bansa, kalayaan, at pag-asa sa sariling kakayahan (Lichauco, 1968). Isa rin itong malinaw na konsepto ng mga elementong bumubuo sa pagiging nasyon ng isang bansa, at bagay na nagtatangi at nagpapakita ng kaibahan nito sa iba pang nasyon (Alfonso, 1967; De La Costa, 1965; Osorio, 1963; Tañada, 1955). Sa pananaw ni Rizal, ang nasyonalismo ay pagsasakripisyo para sa bayan. Handang kalimutan ng isang taong makabayan ang kanyang sarili para maisulong ang kabutihan ng kanyang mga kababayan. Higit sa lahat, gagawin niya ito nang walang pag-aalinlangan o *"sin dudas, sin pesar"* (Quibuyen, 1999; Marquez-Marcelo, 1984). Kaugnay din ng nasyonalismo ang katapatan sa mga institusyon, tradisyon, at pagpapahalaga sa kasaysayan (Abueva, 1999).

Mahalaga ang pagkakaroon ng mga mamamayang makabayan sa pagsulong ng isang bansa (Loong, 2007; de Quiros, 2002, Lumbera, 2000). Sa ika-19 na dantaon ng Meiji, ang nasyonalismo ang nagbigay-sigla sa mga Hapones na hangaring mapantayan ang kalagayan ng mga bansang nasa Kanluran. Ito rin ang dahilan ng pagsusumikap ng mga Tsinong paunlarin at gawing moderno ang kanilang ekonomiya (Loong, 2007). Umunlad naman ang mga bansang tulad ng Timog Korea, Rusya, Britanya at Pransya bunga ng mga mamamayang makabayan. Maliban dito, mayroon silang malalim na pag-unawa sa kanilang pagiging nasyon (Jose, 2006 mula kay Alimorong).

Tumutukoy ang salitang "nasyon" sa komunidad ng mga tao na may iisang lahi, kasaysayan, wika, at kultura. Sa kabilang banda, isang konseptong pulitikal ang "estado" na nangangahulugang isang pook na may mamamayan, teritoryo, malaya at nagsasariling pamahalaan (Almario, 2001). Ayon kay F. Sionil Jose (2006), marami sa mga Pilipino ang walang ganap na pag-unawa sa kanilang pagiging nasyon. Ang kakulangang ito ang sinasabing isa sa mga dahilan kung bakit walang tunay na pagmamahal sa bayan ang maraming mamamayan.

Malaki ang ginagampanan ng pag-aaral ng kasaysayan sa paghubog ng nasyonalismo ng bawat indibidwal.

Naniniwala ang mga Arabe na hinuhugis ng tatlong elemento ang nasyonalismong laganap sa kanilang nasyon: lahi, paniniwala at kasaysayan. Sa mga nabanggit na elemento, ang kasaysayang nakasulat sa sariling wika ang lubos na nakaiimpluwensya sa pagbuo ng kanilang nasyonalidad (Ziadeh mula kay Kedourie, 1970). May kakayahan din ang kasaysayang hubugin ang kaisipan ng mga kabataan at bigyang-diin ang pambansang pagkakaisa at pagmamahal sa bansa (Krug, 1967 ; Roxas, 1966). Iginiit ni Rodriguez (1991) na mahalagang balikan ang kasaysayan ng Pilipinas upang makilala ang sarili bilang Pilipino at maitanim sa bawat mamamayan ang mga hangarin ng bansa sa kinabukasan.

Sa Pilipinas, itinuturo sa mga mag-aaral ang kasaysayan ng bansa. Gayunpaman, higit na laganap dito ang kasaysayang nakabatay sa pananaw ng mga dayuhan (Llanes, 2001; de Quiros, 2000; Mulder, 1997; de Manila, 1996; Custodio, et al., 1993). Madalas ding binibigyang-diin ang kabiguan ng mga Pilipino sa pakikipaglaban (de Quiros, 2000). Bunga nito, sa halip na magamit ang pag-aaral ng kasaysayan bilang instrumentong mapagpalaya, nagiging sanhi lamang ito ng patuloy na pag-iral ng kamalayang kolonyal (Constantino, 1988). Nagagamit din ito bilang isang estratehikong sangkap ng pagkaligaw ng lahing Pilipino (Landicho,2001).

## Layunin ng Pag-aaral

Pangunahing layunin ng pag-aaral na masuri ng epekto ng paggamit ng dalawang magkaibang pananaw at paraan ng pagtuturo ng kasaysayan - ang tradisyonal at kasaysayang bayan - sa pambansang identidad at nasyonalismo ng mga mag-aaral. Tiyakang nilayon nito na tuklasin ang (1) pagkakaiba ng kasaysayang bayan at tradisyonal na kasaysayan bilang mga pananaw at pamaraan ng pagtuturo ng kasaysayan; (2) pagkakaiba ng mga mag-aaral na nakaranas ng kasaysayang bayan at tradisyonal na kasaysayan sa kanilang kaalaman sa kasaysayan ng Pilipinas, at sa pagtataglay nila ng diwa ng pambansang identidad at nasyonalismo; at (3) ugnayan ng paraan ng pagtuturo, kaalaman sa kasaysayan, at pambansang identidad at nasyonalismo.

Kumakatawan lamang ang resulta ng pag-aaral na ito sa mga mag-aaral ng Mababang Paaralan ng Balara na nabibilang sa panggitnang seksyon ng grado 5. Gayon din, nakabatay lamang ang impormasyon tungkol sa pamaraan ng pagtuturo ng kasaysayan sa Mababang Paaralan ng Balara at sa UP Integrated School.

## Batayang Teoretikal

Apat na teorya ang ginamit na batayan upang mailarawan at maipaliwanag ang epekto ng instruksyong pangkasaysayan sa pambansang identidad at nasyonalismo ng mga mag-aaral sa elementarya. Ito ang mga sumusunod:

*Information Integration Theory*

Magkaugnay ang pagbuo at pagbabago ng saloobin. Anumang saloobin na nabuo na ng isang tao tungkol sa isang tao , bagay, sitwasyon, o ideya ay maaaring mabago ng mga impormasyong kanyang natatanggap (Littlejohn, 2002; Brown, et al).

Batay sa *Information Integration Theory,* may dalawang mahahalagang salik na maaaring makaimpluwensya sa pagbabago ng saloobin bunga ng impormasyon - ang *valence* at *weight*.

Tumutukoy ang *valence* sa pagsuporta o pagtuligsa ng impormasyon sa paniniwala ng indibidwal na nakaaapekto sa paraan ng pag-impluwensya sa saloobin ng tao. Sa kabilang dako, tinatawag na *weight* ang digri ng kredibilidad na itinatakda ng indibidwal sa isang impormasyon na may kakayahan ding makapagpabago ng kanyang saloobin (Littlejohn, 2002).

*Ethnosymbolism Theory*

Malaki ang bahaging ginagampanan ng pag-aaral ng kasaysayan sa buhay ng mga mamamayan. Nakatutulong ito sa kanilang pagkabuo bilang lipunan (Veneracion, 1990, p.3). Nakatutulong din ito sa pagkilala nila sa sarili at sa paghubog ng nasyonalismo (Spencer, 2005; Ozkirimli, 2000; McCrone, 1998).

Kaya naman batay sa *Ethnosymbolism Theory*, nagbibigay-kapangyarihan sa nasyonalismo ang mga mito, alaala, tradisyon, at mga simbolo ng pamanang etniko. Gayon din, nagpapalakas dito ang pagtuklas at pagbibigay-interpretasyon ng modernong *intelligentsia* sa nakaraan (Spencer, 2005; Ozkirimli, 2000; McCrone, 1998). Ayon kay Anthony D. Smith, isa sa pangunahing bumuo ng nabanggit na teorya, "The sense of whence we came is central to the definition of who we are" (Smith mula kay McCrone, 1998).


*Self-Concept Theory*

Tumutukoy ang konsepto ng sarili *(self-concept)* sa kabuuang kaalaman at pag-unawa ng indibidwal sa kanyang sarili (Littlejohn, 2002; Spero, 1986). Isa itong produkto ng lipunan na nahuhubog sa tulong ng interpersonal na pakikipag-ugnayan (Woolfolk, 2005; Santrock, 2002). Batay sa *Self Concept Theory* ni Carl Rogers, ang sarili ang sentrong sangkap ng personalidad ng tao at personal na pakikibagay. May tatlong pangunahing katangian ang konsepto ng sarili: ito ay natututunan, organisado at dinamiko (Woolfolk, 2005; Tan, 1991, Spero, 1986). Dahan-dahang nabubuo at natututunan ang konsepto ng sarili. Patuloy itong hinuhubog at isinasaayos sa pamamagitan ng karanasan ng indibidwal sa pakikipag-ugnayan, partikular sa mga taong mahalaga sa kanyang buhay (Tan, 1991).

*Socialization Theory*

Sa tulong ng sosyalisasyon o pakikipag-ugnayan, nagkakamit ang isang indibidwal ng mga kaalaman, kasanayan, at katangiang nakatutulong sa epektibong pakikilahok sa kanyang sariling pangkat o lipunan. Nagaganap ang sosyalisasyon sa pamamagitan ng interaksyon at pakikipag-talastasan sa kapwa tulad ng pamilya, paaralan, mga kaibigan, pamayanan, at *media* (Berns, 1997; Elkin at Handel, 1989).

**Pig. 1. Integrasyon ng mga Batayang Teoretikal**



Binabalangkas ng *Information Integration Theory* ang mahahalagang salik na nakapaloob sa pag-aaral. Kabilang dito ang mga mag-aaral bilang tagatanggap ng impormasyon, guro bilang tagapagbahagi, kasaysayan bilang impormasyon, at pagbabago sa oryentasyon sa pambansang identidad at nasyonalismo bilang epekto ng impormasyon sa saloobin ng tagatanggap.

Ipinapakita ng Pig.1 (nasa p. 38) na isinaalang-alang sa simula ng pag-aaral ng mag-aaral mga ang konsepto ng sarili bilang mga Pilipino. Layunin nitong makakuha ng basehan sa paghahambing ng naging pagbabago sa pananaw ng mga kalahok tungkol sa pambansang identidad at nasyonalismo bunga ng pag-aaral ng kasaysayan. Isinunod ang pagtuturo sa mga klaseng kontrol at eksperimental gamit ang dalawang magkaibang pananaw at pamaraan ng pagtuturo ng kasaysayan — tradisyonal na kasaysayan at kasaysayang bayan. Sa puntong ito naganap ang talastasan at ugnayan sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Sa huling bahagi, tiningnan ang epekto ng pag-aaral ng kasaysayan sa pag-iisip at saloobin ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng muling pagsusuri ng kanilang konsepto ng sarili bilang Pilipino at kaalamang natamo mula sa mga naging talastasan sa klase ng HEKASI 5.

## Metodolohiya

Naging kalahok sa pag-aaral ng kasaysayan ng Pilipinas ang 62 mag-aaral ng Grado 5 sa Mababang Paaralan ng Balara. Hinati ang mga mag-aaral sa dalawang grupo - ang klaseng kontrol na tinuruan sa pamaraang tradisyonal na kasaysayan, at ang klaseng eksperimental na ginamitan ng pamaraang kasaysayang bayan. Binuo ang bawat grupo ng 13 lalaki at 18 babae na may 10 hangggang 12 taong gulang.

Nagsagawa ng independent-sample t-test upang tiyaking angkop na paghambingin ang dalawang pangkat. Nakita sa resulta ng pagsusuri (nasa Talahanayan 1) na ang mga mag-aaral mula sa klaseng kontrol at eksperimental ay walang makabuluhang pagkakaiba sa grado sa unang markahan, kaalaman sa kasaysayan, at oryentasyon sa pambansang identidad at nasyonalismo.

**Talahanayan 1. Independent Sample T-Test ng mga Salik na Pinagbatayan ng Pagpapares ng mga Kalahok**

| Mga Salik | Pangkat | N | Mean | SD | t | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Grado sa HEKASI 5 sa Unang Markahan | Kon | 31 | 78.10 | 1.35 | -.74 | .46 |
| | Eks | 31 | 78.32 | 1.05 | | |
| Panimulang Pagsusulit sa HEKASI 5 | Kon | 31 | 11.77 | 3.75 | -.66 | .51 |
| | Eks | 31 | 12.35 | 3.18 | | |
| Pretest ng Talatanungan para sa Oryentasyon sa Pambansang Identidad at Nasyonalismo | Kon | 31 | 3.76 | .40 | .54 | .59 |
| | Eks | 31 | 3.71 | .32 | | |

Sa kabilang dako, naging kalahok sa isahang panayam *(focus interview)* ang dalawang historyador mula sa Unibersidad ng Pilipinas, dalawang guro ng HEKASI 5 ng Mababang Paaralan ng Balara, at dalawang guro ng Araling Panlipunan 5 ng UP Integrated School. Naging bahagi naman ng *Focus Group Discussion (FGD)* ang 12 piling mag-aaral mula sa klaseng kontrol at klaseng eksperimental.

Ginamitan ang pag-aaral ng kwantitatibong pagsusuri ng datos, kabilang ang *frequency analysis, descriptive analysis, t-test* at *Pearson correlation,* gayon din ng *thematic analysis* para sa kwalitatibong pagsusuri sa mga impormasyong nakalap mula sa iba't ibang panayam.

Ang mananaliksik ang nagsilbing guro ng dalawang pangkat sa loob ng apat na buwan sa tulong ng 20 banghay aralin na nakabatay sa tradisyonal na kasaysayan at kasaysayang bayan. Ilan sa halimbawa ng mga sangguniang ginamit ang *History of the Filipino People* ni Teodoro Agoncillo para sa tradisyonal na kasaysayan, at *Kasaysayang Bayan* ni Ferdinand Llanes at Jaime Veneracion at *Agos ng Dugong Kayumanggi* ng huling nabanggit na awtor para sa kasaysayang bayan.

Ginamit na estratehiya ng pagtuturo sa klaseng kontrol ang pagpapakita ng larawan, paggamit ng graphic organizers, at talakayan. Sa kabilang dako, ginamit sa klaseng eksperimental ang mga estratehiyang nagsusulong ng aktibong pagkatuto at nagpaparamdam ng pagiging Pilipino, kabilang ang pagbigkas at pagsusuri ng mgamakabayang tula, paglalaro, paggawa ng maikling dula, at mga pangkatang gawaing kaugnay ng *cooperative learning*.

Sinuri ang epekto ng dalawang pananaw at pamaraan ng pagtuturo ng kasaysayan ng Pilipinas sa pambansang identidad at nasyonalismo ng mga mag-aaral sa tulong ng mga sumusunod: kwestiyonaryong nauukol sa pambansang identidad at nasyonalismo, ebalwasyon sa klase, pagsusulit sa HEKASI 5 para sa ikalawang markahan, at mga gabay na tanong para sa *Focus Group Discussion.*

Ibinatay sa *National Identity Scale for Filipinos* na ginawa ni Doronila ang instrumentong ginamit sa pagsusuri ng pambansang identidad at nasyonalismo ng mga mag-aaral. Gayunman, bahagya itong binago upang maging angkop sa pag-aaral. Nasa Talahanayan 2 ang mga dimensyon at oryentasyong pinagbatayan ng pagsusuri.

**Talahanayan 2. Oryentasyon sa Pambansang Identidad at Nasyonalismo**

| Dimensyon | Oryentasyon |
|---|---|
| Pagpapahalaga sa bayan at lahing kinabibilangan | Pagpili sa sariling nasyonalidad<br>Pagmamalaki sa bansa<br>Pagsuporta sa nasyonalismo bago ang internasyonalismo<br>Pagtatalaga ng sarili sa layunin ng bansang umunlad sa pamamagitan ng pag-asa sa sariling kakayahan |
| Pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas | Pagpapahalaga sa mga natatanging katangian ng mga Pilipino<br>Pagpapahalaga sa paraan ng pamumuhay<br>Pagpapahalaga sa kasaysayan at iba pang pambansang tradisyon<br>Pagpapahalaga sa likhang kultural (wika, sining, literatura, atbp.) |
| Katapatan sa bansa higit pa sa pangkat etno-linggwistikong kinabibilangan | Pagkilala sa ibang etnolinggwistikong pangkat sa pambansang komunidad ng Pilipinas<br>Personal na pagtanggap sa kultural na pagkakakilanlan ng mga etno-linggwistikong pangkat sa Pilipinas at mga indibidwal na nabibilang dito<br>Pagtanggap sa ibang etnolinggwistikong pangkat bilang kasapi ng pambansang komunidad<br>Pagtatalaga ng sarili sa ideya ng pambansang integrasyon ng lahat ng etnolinggwistikong pangkat |
| Pagtatalaga ng sarili sa bahaging ginagampanan ng mamamayan | Pagmamalaki sa mga simbolo ng bansa<br>Paghango ng personal na pagkakakilanlan mula sa bansa<br>Pagtatalaga ng sarili sa mga tungkulin bilang mamamayan ng bansa |

Naghanda rin ng mga gabay na tanong para sa panayam sa dalawang historyador at apat na guro ng kasaysayan sa grado 5. Nakasentro ang panayam sa pagkakaiba ng tradisyonal na kasaysayan at kasaysayang bayan bilang pananaw at paraan ng pagtuturo ng kasaysayan.

## Paglalahad ng Datos

*Pagkakaiba ng dalawang pananaw at pamaraan sa pagtuturo ng kasaysayan*

Ipinakikita sa Talahanayan 3 ang malaking pagkakaiba ng kasaysayang bayan sa tradisyonal na kasaysayan. Nakatuon ang kasaysayang bayan sa lawak at lalim ng bayan, samantalang nakapokus ang tradisyonal na kasaysayan sa mga *elite* at mga kaganapang pulitikal sa lipunan.

**Talahanayan 3. Pagkakaiba ng Tradisyonal na Kasaysayan at Kasaysayang Bayan**

| | Tradisyonal na Kasaysayan | Kasaysayang Bayan |
|---|---|---|
| Pananaw | Nakatuon sa mga naghaharing uri (*elite*) sa lipunan at kaganapang pulitikal | Nakasentro sa lawak at lalim ng bayan |
| Pagpapanahon | Nakabatay sa pagdating ng mga mananakop | Walang nakatakdang pagpapanahon, maaaring mabago basta't ang mahalaga ay lumitaw ang bayan |
| Nilalaman | Higit na lumilitaw ang mga *elite*, kaganapang pulitikal, at mga pananakop | Lahat ng dimensyon ng bayan, bagamat lubos na pinahahalagahan ang matandang bayan |
| Pamamaraan sa Pagtuturo | Karaniwang gumagamit ng direktang instruksyon tulad ng lektyur | Lahat ng pamamaraang magpapakita, magpapaisip at magpaparamdam sa diwa ng bayan: dula, lakbay-aral at iba pa |

Samantala, makikita sa Talahanayan 4 na bunga ng magkaibang pananaw, may pagka-kaiba rin ang mga pamaraan ng pagtuturo sa nilalaman at pagpapanahon (peryodisasyon).

**Talahanayan 4. Peryodisasyon sa Kasaysayan**

| Tradisyonal na Kasaysayan | Kasaysayang Bayan |
|---|---|
| Panahong Prehistoriko | Pagsibol ng Lahing Pilipino at Kapaligiran<br>Paglinang ng Likas Yamang Bayan<br>Paglinang ng Kabihasnan at Bayan<br>Pagbubuo ng Kalinangan at Kamalayang Bayan<br>Ang Bayan Hanggang Pagkabuo ng Sultanato |
| Panahon ng mga Espanyol | Pagbabagong-Anyo ng Bayan<br>Pakikibaka ng Bayan<br>Pagtindig ng Haring Bayan sa Himagsikan |
| Panahon ng mga Amerikano | Pagpapatuloy ng Diwa ng Bayan |
| Panahon ng mga Hapones | Panibagong Hamon sa Bayan |
| Panahon ng Ikatlong Republika hanggang sa Kasalukuyan | Hamon at Tunguhin ng Bayan: Kapangyarihang Bayan at Di-tapos na Himagsikan (1946-Hinaharap) |

Nakabatay sa pananakop ng mga dayuhan ang pagpapanahon sa tradisyonal na kasaysayan kaya nabibigyang-diin ang mga ginawa ng mga mananakop.

Sa kabilang dako, nakabatay sa mga pangyayari sa loob ng bayan ang pagkaka-hati-hati ng mga pangyayari sa kasaysayang bayan kaya naman ang bayan ang mismong sentro ng mga paksa sa halip na mga mananakop na dayuhan. Halimbawa, sa yugtong dumating sa Pilipinas ang mga Espanyol, madalas talakayin sa tradisyonal na kasaysayan ang pagdating ni Ferdinand Magellan at ang mga patakaran ng iba't ibang gobernador-heneral na namuno sa kapuluan. Samantala, tinatalakay sa kasaysayang bayan ang pagbabagong-anyo ng bayan at ang mga karanasan ng bayan, tulad ng pakikipaglaban at pagharap sa pananakop ng dayuhan.

Maliban dito, 50% sa nilalaman ng kasaysayang bayan ay tungkol sa matandang bayan, o sinaunang lipunan, kung saan inuugat ang simulain ng lahing Pilipino.

Naniniwala ang mga gurong sumu-suporta sa pamaraang kasaysayang bayan na mahalagang aktibong isangkot ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng kasaysayan. Dahil dito, gumagamit sila ng mga estra-tehiyang nangangailangan ng masiglang pagkatuto at pakikilahok ng mga mag-aaral.

Sa kabilang dako, nakakahon sa lektyur at pagpapaulat ang mga guro ng tradisyonal na kasaysayan. Bunga nito, nagkakaroon ng magkaibang epekto sa mga mag-aaral ang pag-aaral ng kasaysayang nakabatay sa kasaysayang bayan at tradisyonal na kasaysayan.

*Pagkakaiba ng mga mag-aaral na nakaranas ng tradisyonal na kasaysayan at kasaysayang bayan*

**Talahanayan 5. Paired Sample t-test ng Mean ng mga Panimula at Panapos na Pagsusulit**

| | Pangkat | N | Mean | SD | t | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagsusulit sa HEKASI 5 (HKS 5) para sa Ikalawang Markahan | Kon | 31 | -3.23 | 4.65 | -3.86 | .00 |
| | Eks | 31 | -3.81 | 4.86 | -4.36 | .00 |
| Talatanungan para sa Oryentasyon sa Pambansang Identidad at Nasyonalismo | Kon | 31 | -.09 | .26 | -1.90 | .07 |
| | Eks | 31 | -.18 | .24 | -4.21 | .00 |

Sa Talahanayan 5, makikitang may makabuluhang pagkakaiba *(significant difference)* ang *mean* ng panimula at panapos na pagsusulit sa HKS 5 ng klaseng kontrol (.00) at klaseng eksperimental (.00), bagamat mapapansing nadagdagan ang kaalaman ng karamihan sa mga mag-aaral tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas matapos ang pag-aaral.

Walang makabuluhang pagkakaiba ang *mean* ng iskor ng mga mag-aaral ng klaseng kontrol (.07) sa Talatanungan para sa Oryentasyon sa Pambansang Identidad at Nasyonalismo bago at matapos ang pananaliksik. Sa kabilang dako, may makabuluhang pagkakaiba ang *mean score* ng mga mag-aaral ng klaseng eksperimental bago at matapos makaranas ng instruksyong nakabatay sa kasaysayang bayan (.00). Nangangahulugan itong lubos na nakaimpluwensya sa saloobin ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa kasaysayan. Bukod dito, nakatulong din ang pagtuturo ng kasaysayang nakatuon sa bayan sa positibong pagtingin ng mga mag-aaral sa kanilang pagka-Pilipino at nasyonalismo.

**Talahanayan 6. Independent Sample T-Test ng Mean ng mga Panapos na Pagsusulit**

| | Pangkat | N | Mean | SD | t | Sig.(2-tailed) | r (size effect) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagsusulit sa HEKASI 5 para sa Ikalawang Markahan | Kon | 31 | 15.00 | 5.13 | -.87 | .39 | .11 |
| | Eks | 31 | 16.16 | 5.41 | | | |
| Talatanungan para sa Oryentasyon sa Pambansang Identidad at Nasyonalismo | Kon | 31 | 3.84 | .34 | -.50 | -.62 | .06 |
| | Eks | 31 | 3.89 | .32 | | | |

Ipinakikita rin sa Talahanayan 6 ang pagkakaiba ng mga mag-aaral na tinuruan ng tradisyonal na kasaysayan at kasaysayang bayan.

Sa pamamagitan ng *independent sample t-test,* natuklasang hindi makabuluhan ang pagkakaiba ng iskor sa pagsusulit sa HEKASI 5 ng mga mag-aaral mula sa klaseng kontrol at klaseng eksperimental (.39). Gayunman, nagkaroon ng bahagyang epekto ang magkaibang pamaraan ng pagtuturo sa dalawang pangkat (r=.11). Sa maikling panahon ng pagtuturo, tumaas ang iskor ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit, bagamat mapapansin ding mas nadagdagan ang kaalaman sa kasaysayan ng mga mag-aaral na ginamitan ng kasaysayang bayan kumpara sa mga ginamitan ng tradisyonal na kasaysayan.

Maaaring iugnay ang resultang ito sa pamaraan ng pagtuturo na ginamit sa dalawang pangkat ng mga mag-aaaral. Bilang bahagi ng pagtalakay ng mga aralin, binigyan ng iba't ibang gawain (indibidwal at pangkatang gawain) ang mga mag-aaral ng kasaysayang bayan. Sa kabilang dako, nilimitahan sa lektyur at talakayan ang pamamaraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral ng tradisyonal na kasaysayan. Ayon kay Cotton (1989), may makabuluhang ugnayan ang kalikasan ng mga gawain sa klase at pagkatuto ng mga mag-aaral. Higit na natututo ang mga mag-aaral na binibigyan ng pagkakataong makilahok at magkaroon ng aktibong partisipasyon sa klase. Nabanggit rin ni Silberman (1996) na mas naikikintal sa isipan ng mga estudyante ang mga aralin sa pamamagitan ng aktibong pagkatuto (*active learning*).

Batay sa analisis, hindi naging makabuluhan ang pagkakaiba ng dalawang pangkat sa kabuuang oryentasyon at iba't ibang dimensyon ng pambansang identidad at nasyonalismo (-.62). Gayunman, hindi ito nangangahulugang walang epekto ang magkaibang instruksyong pangkasaysayan sa saloobin ng mga mag-aaral sa kanilang pambansang identidad at damdaming makabayan. Sa katunayan, bahagya itong nakaapekto sa dimensyon 2 (*r*= .24) at dimensyon 3 ( (*r*= .21), tulad ng ipinakikita sa Talahanayan 7.

**Talahanayan 7. *Independent Sample t-test* ng Iba't Ibang Dimensyon at Oryentasyon ng Pambansang Identidad at Nasyonalismo**

| Dimensyon/ Oryentasyon | Pangkat | N | Mean | SD | t | Sig. (2-tailed) | r |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagpapahalaga sa bayan at lahing kinabibilangan | Kon<br>Eks | 31<br>31 | 3.51<br>3.56 | .57<br>.60 | -.32 | .75 | .04 |
| Pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura | Kon<br>Eks | 31<br>31 | 4.04<br>4.25 | .46<br>.39 | -1.92 | .06 | .24 |
| Katapatan sa bansa higit pa sa etnolinggwistikong pangkat na kinabibilangan | Kon<br>Eks | 31<br>31 | 3.76<br>3.55 | .48<br>.54 | 1.68 | .10 | .21 |

| Dimensyon/ Oryentasyon | Pangkat | N | Mean | SD | t | Sig. (2-tailed) | r |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagtatalaga ng sarili sa bahaging ginagampanan ng mamamayan | Kon<br>Eks | 31<br>31 | 4.17<br>4.20 | .39<br>.34 | -.29 | .77 | .04 |
| Oryentasyon 5<br>Pagpapahalaga sa mga natatanging katangian ng mga Pilipino | Kon<br>Eks | 31<br>31 | 4.00<br>4.44 | .82<br>.59 | -2.41 | .02 | .30 |
| Oryentasyon 10<br>Personal na pagtanggap sa kultural na pagkakakilanlan ng etnolinggwistikong pangkat bilang kasapi ng pambansang komunidad | Kon<br>Eks | 31<br>31 | 4.35<br>3.68 | .75<br>1.38 | 2.40 | .02 | .30 |

Base sa nakuhang *size effect* ng dimensyon 2 *(r=.24),* higit na pinahahalagahan ng mga mag-aaral ng kasaysayang bayan ang kasaysayan at kultura ng bayan kumpara sa mga mag-aaral ng tradisyonal na kasaysayan. Sa kabilang dako, nakakiling sa klaseng kontrol ang *size effect* na naitala sa dimensyon 3 *(r=.21).* Batay rito, nakalalamang ang mga ginamitan ng tradisyonal na kasaysayan sa "katapatan sa bansa higit pa sa etnolinggwistikong pangkat na kinabibilangan" kumpara sa mga ginamitan ng kasaysayang bayan. Maaaring sanhi ito ng iba pang salik tulad ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa labas ng paaralan.

Kung pagbabatayan naman ang iba't ibang oryentasyon na bumubuo sa apat na dimensyon ng pambansang identidad at nasyonalismo, may naitalang makabuluhang pagkakaiba sa *mean* ng dalawang oryentasyon ng mga mag-aaral. Batay sa pagsusuri naging makabuluhan ang pagkakaiba ng *mean* ng dalawang pangkat sa oryentasyon 5 (pagpapahalaga sa mga natatanging katangian ng mga Pilipino, .02), at oryentasyon 10 (personal na pagtanggap sa kultural na pagkakakilanlan ng etnolinggwistikong pangkat at mga indibidwal na nabibilang dito, .02).

**Talahanayan 8. Mean ng Iskor ng Sagot sa Talatanungan para sa Oryentasyon sa Pambansang Identidad at Nasyonalismo ng mga Mag-aaral**

| Oryentasyon | Kon | Eks | *r (size effect)* |
|---|---|---|---|
| 1. Pagpili sa sariling nasyonalidad | 3.77 | 3.73 | .04 |
| 2. Pagmamalaki sa bansa | 3.32 | 3.19 | .05 |
| 3. Pagsuporta sa nasyonalismo bago ang internasyonalismo | 3.23 | 3.52 | .11 |
| 4. Pagtatalaga ng sarili sa layunin ng bansang umunlad sa pamamagitan ng pag-asa sa sariling kakayahan | 3.71 | 3.78 | .05 |
| 5. Pagpapahalaga sa mga natatanging katangian ng mga Pilipino | 4.00 | 4.44 | .30 |
| 6. Pagpapahalaga sa paraan ng pamumuhay | 4.52 | 4.65 | .08 |
| 7. Pagpapahalaga sa kasaysayan ng Pilipinas at pambansang tradisyon | 4.13 | 4.27 | .10 |
| 8. Pagpapahalaga sa mga likhang cultural | 3.50 | 3.62 | .10 |
| 9. Pagkilala sa ibang etnolinggwistikong pangkat sa pambansang komunidad | 3.42 | 3.58 | .02 |
| 10. Personal na pagtanggap sa kultural na pagkakakilanlan ng etnolinggwistikong pangkat at mga indibidwal na nabibilang ditto | 4.35 | 3.68 | .30 |
| 11. Pagtanggap sa ibang etnolinggwistikong pangkat bilang kasapi ng pambansang komunidad | 3.39 | 3.00 | .17 |
| 12.Pagtatalaga ng sarili sa ideya ng pambansang integrasyon ng lahat ng etnolinggwistikong pangkat | 3.89 | 4.11 | .19 |
| 13. Pagmamalaki sa mga simbolo ng bansa | 4.21 | 4.01 | .17 |
| 14. Paghango ng personal na pagkakakilanlan mula sa bansa | 4.52 | 4.61 | .07 |
| 15. Pagtatalaga ng sarili sa mga tungkulin bilang mamamayan ng bansa | 3.79 | 3.97 | .16 |

Batay sa Talahanayan 8, bahagyang nakaapekto ang kaalaman sa kasaysayan sa saloobin ng mga kalahok, partikular sa sumusunod na mga oryentasyon:

- 3 (Pagsuporta sa nasyonalismo bago ang internasyonalismo) *(r=.11)*
- 7 (Pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura) *(r=.10)*
- 8 (Pagpapahalaga sa mga likhang kultural *(r=.10)*
- 11 (Pagtanggap sa ibang etnolinggwistikong pangkat bilang kasapi ng pambansang komunidad) *(r=.17)*
- 12 Pagtatalaga ng sarili sa ideya ng pambansang integrasyon ng lahat ng etnolinggwistikong pangkat *(r=.19)*
- 13 (Pagmamalaki sa mga simbolo ng bansa) *(r=.17)*
- 15 (Pagtatalaga ng sarili sa mga tungkulin bilang mamamayan ng bansa) *(r= .16)*

Mapapansing sa kabila ng maikling panahong ginugol sa pag-aaral, may mga palatandaang nagpapakita na maaaring makaapekto sa pambansang identidad at nasyonalismo ng mga mag-aaral ang kasaysayang bayan. May posibilidad na kung ginawang mas mahaba ang panahon ng pag-aaral, maaaring lubos na nakaimpluwensya ang pagtuturo ng kasaysayang bayan sa saloobin at pananaw ng mga mag-aaral kumpara sa tradisyonal na kasaysayan. Ayon kay Lester (1994), nahuhubog ang saloobin ng isang tao sa loob ng mahabang panahon (mula kay San Jose, 1998).

Sinusuportahan ng mga nakalap na impormasyon mula sa FGD ang kwantitatibong datos. Ipinagmamalaki ng lahat ng kalahok ang kanilang pagiging Pilipino dahil sa sumusunod na mga dahilan: ito ang lupang kanilang sinilangan, ang lahing kinabibilangan ng mga magulang, at taglay nila ang katangian ng mga Pilipino.

*"Ipinagmamalaki ko po ang aking pagka-Pilipino dahil dito po ako lumaki…kasi ang mga Pilipino po matiyaga at mababait."*

Mag-aaral 3, Tradisyonal na Kasaysayan:
FGD 1, 2007

*"Kasi dito po ako lumaki tsaka dito po ako ipinanganak, dito po ako pinag-aral ng aking mga magulang tsaka lahi ko po ito."*

Mag-aaral 2, Kasaysayang Bayan:
FGD 2, 2007

*"Ma'am kasi yung mama ko Pilipino na, lahat kami Pilipino…"*

Mag-aaral 5, Kasaysayang Bayan:
FGD 2, 2007

Ang mga impormasyong nabanggit ay katulad ng natuklasan ni Trinidad (2006) sa kanyang pananaliksik tungkol sa pambansang identidad ng mga Pilipinong naninirahan sa Espanya. Nakita sa pag-aaral na iyon na higit na nakaiimpluwensya ang mabuting relasyon sa pamilya at kaibigan (*camaraderie)* ng mga Pilipinong nasa ibang bansa sa patuloy na pagkakaroon nila ng malapit na damdamin para sa Pilipinas. Sa kabila ng matagal na pamamalagi sa Espanya, itinuturing pa rin nila ang kanilang mga sarili bilang mga Pilipino.

Bahagi ng oryentasyon sa pambansang identidad at nasyonalismo ang pagtanggap at pagpapahalaga sa lahat ng taong kasapi ng pambansang komunidad ng Pilipinas. Sa pag-aaral na ito, natuklasang may mga etnolinggwistikong pangkat sa Pilipinas na hindi kinikilala ng mga mag-aaral bilang mga kalahi o bahagi ng bansa. Itinuturing ng mga mag-aaral ng tradisyonal na kasaysayan na kanilang kalahi ang mga Tagalog, Ifugao, Ita, Kapampangan, Ilocano, Bicolano, Cebuano, at Ilonggo ngunit hindi nila ibinibilang ang mga Tausug at Badjao dito. Sa kabilang dako, kinikilala ng mga mag-aaral ng kasaysayang bayan bilang kalahi ang mga Tagalog, Ifugao, Ita, Kapampangan, Ilocano, Bicolano, Cebuano, Ilonggo, Tausug at Badjao.

Ganito rin ang natuklasan nina Doronila at Bulatao (mula kay Doronila, 1989) sa kanilang mga saliksik. Iniugnay nila sa kakulangan ng kaalaman tungkol sa etnolinggwistikong pangkat ng Pilipinas ang kawalan ng pagpapahalaga ng ilang Pilipino sa ibang pangkat na bahagi ng pambansang komunidad.

Sa usapin ng kasaysayan at kultura, nakitang higit itong pinahahalagahan ng mga mag-aaral ng kasaysayang bayan. Para sa kanila, matagumpay na nilabanan ng mga Pilipino ang mga dayuhang mananakop.

"*Opo ma'am hindi po tayo nagpatalo… Hindi po sila 'yung nagpaapi, hindi po nagpasakop*."

Mag-aaral 2, Kasaysayang Bayan:
FGD 2, 2007

"*Ma'am ang Pilipinas lumaban para sa kalayaan ng bansa.*"

Mag-aaral 1, Kasaysayang Bayan:
FGD 2, 2007

Samantala, may mga mag-aaral ng tradisyonal na kasaysayan na mas nanaisin pang kalimutan na lamang ang kasaysayan ng bansa dahil "puno ito ng kabiguan". Bukod dito, may nagsabi pang ikinahihiya niya ang paglaban ng mga Pilipino sa mga Amerikano dahil sa kanyang pananaw, tinulungan lamang naman ng Amerika ang Pilipinas.

"*Ma'am masyado pong bigo, kasi lahat po ng lumaban sa mga Espanyol hindi po nagtagumpay e*."

Mag-aaral 3, Tradisyonal na Kasaysayan:
FGD 1, 2007

"*Meron po (ikinahihiyang bahagi ng kasaysayan), tulad ng pakikidigma na hindi makakalimutan ng mga Pilipino na parang tulungan tayo na ano ma'am. Bakit ganito, hindi natin makalimutan na tayo na nga ang tinulungan, makikipaglaban pa tayo sa ibang tao. (Sino ba ang example ng tinutukoy mong tinulungan tayo?)… Amerikano*."

Mag-aaral 4, Tradisyonal na Kasaysayan:
FGD 1, 2007

Napansin namang nag-aaral na mabuti ang mga mag-aaral ng kasaysayang bayan upang makatulong sa bayan.

"*Kasi po, kung hindi po tayo mag-aaral mabuti, parang binalewala po natin 'yung bansa natin tsaka pagmamahal po sa bansa*."

Mag-aaral 2, Kasaysayang Bayan:
FGD 2, 2007

"*Ako po, ma'am, gusto ko pong ano (mag-aral nang mabuti), para makatulong po ako sa bayan ko. Hindi na po ako magiging pabigat. Matutulungan ko na po 'yung mga kapwa ko, (yung) may kapansanan po, ganun po. Tsaka para maipagmalaki rin po ako ng mga magulang ko*."

Mag-aaral 1, Kasaysayang Bayan:
FGD 2, 2007

Ngunit nag-aaral ding mabuti ang mga mag-aaral ng tradisyonal na kasaysayan para makatulong sa pamilya at magkaroon ng magandang kinabukasan.

> "*Ako mag-aaral po akong mabuti para itaguyod ko ang pamilya ko.*"
> Mag-aaral 3, Tradsiyonal na Kasaysayan: FGD 1, 2007
>
> "*Para may matutunan din po para paglaki natin may marangal tayong trabaho hindi tayo magnanakaw, hindi tayo magshashabu, hindi tayo magshoshongke…*
> Mag-aaral 2, Tradisyonal na Kasaysayan FGD 1, 2007

*Ugnayan ng mga salik na tinukoy sa pag-aaral*

Batay sa batayang konseptwal ng pag-aaral, nakaiimpluwensya sa pagbabago ng saloobin ng indibidwal ang pagtanggap sa impormasyong ibinabahagi sa kanya. Sa pananaliksik na ito, sinuri ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa mga bagong impormasyon sa pamamagitan ng pagtaya sa digri ng kanilang pakikilahok sa klase, persepsyon sa kanilang guro, at pagtaya sa kredibilidad ng impormasyon. Nasa Talahanayan 9 ang resulta ng pagsusuri sa paksang ito.

**Talahanayan 9. Independent Sample t-test ng Mean ng Ebalwasyon sa Klase**

| | **Pangkat** | **N** | **Mean** | **SD** | **t** | **Sig. (2-tailed)** | ***r*** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Paglahok ng mga mag-aaral sa klase | Kon | 31 | 4.14 | .45 | -1.00 | .33 | .12 |
| | Eks | 31 | 4.26 | .49 | | | |
| Pagtupad ng guro sa mga gawain sa klase | Kon | 31 | 4.31 | .50 | .14 | .89 | .01 |
| | Eks | 31 | 4.29 | .38 | | | |
| Pagtaya sa kredibilidad ng impormasyon | Kon | 31 | 4.77 | .43 | 1.80 | .08 | .23 |
| | Eks | 31 | 4.52 | .68 | | | |

Walang makabuluhang pagkakaiba (*significant difference)* ang *mean* ng dalawang pangkat sa ebalwasyon ng kanilang paglahok sa klase (.33). Gayunman, batay sa *size effect*, masasabing bahagyang nakaimpluwensya sa interes at paglahok ng mga mag-aaral ang estratehiyang ginamit sa pagtuturo. Batay sa ipinakikita ng *mean*, mas aktibong nakikilahok sa klase ang mga mag-aaral ng kasaysayang bayan kumpara sa mga mag-aaral ng tradisyonal na kasaysayan.

Sa usapin ng persepsyon sa guro, walang makabuluhang pagkakaiba ang *mean* ng ebalwasyon ng dalawang pangkat (.89). Gumamit man ang guro ng magkaibang pamaraan ng pagtuturo, sa paningin ng mga mag-aaral ay palagi silang gumagawa ng mga gawain sa klase.

Wala ring makabuluhang pagkakaiba ang pagtaya ng mga mag-aaral sa kredibilidad ng impormasyong ibinahagi ng guro tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas (.08). Gayunman, mapapansing mas mataas ang naging pagtaya ng mga mag-aaral ng klaseng kontrol sa kredibilidad ng impormasyon kumpara sa mga nasa klaseng eksperimental. Posibleng nanibago ang mga kalahok na ginamitan ng kasaysayang bayan sa pananaw at pamamaraang ginamit ng mananaliksik sa panahon ng ikalawang markahan. Gayunman, mataas pa rin ang kanilang pagtaya rito.

**Talahanayan 10. Korelasyon ng Iskor ng Klaseng Eksperimental sa Iba't Ibang Salik na Tinukoy sa Pag-aaral**

| | N | *r* | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|
| Panapos na pagsusulit sa HEKASI 5 at oryentasyon sa pambansang identidad at nasyonalismo | 31 | .53** | .00 |
| Panapos na pagsusulit sa HEKASI 5 at kredibilidad ng impormasyon | 31 | .55* | .00 |
| Oryentasyon sa pambansang identidad at nasyonalismo at kredibilidad ng impormasyon | 31 | .35* | .05 |
| Paglahok ng mag-aaral sa klase at pagtupad ng guro sa mga gawain sa klase | 31 | .43* | .02 |
| Kredibilidad ng impormasyon at pagtupad ng guro sa mga gawain sa klase | 31 | .67** | .00 |

***Correlation is significant at the 0.01 level (2-tailed)*
** Correlation is significant at the 0.05 level (2-tailed)*

Ipinakikita ng Talahanayan 10 na may makabuluhang ugnayan (*significant relationship*) ang sumusunod na mga salik na sinuri sa klaseng eksperimental: (1) panapos na pagsusulit *(posttest)* sa HEKASI 5 at oryentasyon sa pambansang identidad at nasyonalismo; (2) panapos na pagsusulit sa HKS 5 at kredibilidad ng impormasyon; (3) oryentasyon sa pambansang identidad at nasyonalismo at kredibilidad ng impormasyon; (4) paglahok ng mag-aaral sa klase at pagtupad ng guro sa mga gawain; at (5) kredibilidad ng impormasyon at pagtupad ng guro sa mga gawain.

Pinatutunayan ng resultang ito na nakaaapekto sa pambansang identidad at nasyonalismo ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa kasaysayan ng Pilipinas. Sinususugan nito ang pananaw ni Heyking (2004) na may mahalagang bahagi ang pag-aaral ng kasaysayan sa pagbuo ng pambansang identidad.

Nakaiimpluwensya rin ang guro sa saloobin ng mga mag-aaral sa klase, gaya ng sinabi nina Evans (1988), Hinde at Perry (2007) na malaki ang gampanin ng guro sa paghubog ng persepsyon at saloobin ng mga estudyante tungkol sa pag-aaral ng kasaysayan.

## Konklusyon

Napagtibay ng pag-aaral na ito ang teorya ng *Information Integration* at *Ethno-symbolism.* Nakaiimpluwensya nga sa pagbabago ng saloobin tungkol sa pambansang identidad at nasyonalismo ang pag-aaral ng, at pag-unawa sa, mga impormasyon o kaalamang nauukol sa kasaysayan ng Pilipinas. Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang ang pananaw at nilalaman ng kasaysayang ibinabahagi sa klase upang makahubog ng mga mag-aaral na may positibong oryentasyon sa pambansang identidad at nasyonalismo.

Ngunit nakita rin sa pag-aaral na upang makahubog ng mga mag-aaral na makabayan ay hindi sapat ang maayos na pagganap ng guro sa kanyang mga gawain, ang mataas na kredibilidad ng impormasyong kanyang ibinabahagi sa klase tungkol sa kasaysayan, at ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Parehong naging mataas ang pagtaya ng mga kalahok na mag-aaral ng klaseng kontrol at eksperimental sa pagganap ng guro sa mga gawain at mga impormasyong ibinahagi sa klase. Gayon din, kapwa naging aktibo sa paglahok sa mga gawain sa klase ang mga mag-aaral ng dalawang pangkat.

Gayunman, nagpakita ang pag-aaral ng mga palatandaang higit na nakaimpluwensya ang pamaraang kasaysayang bayan sa positibong pagbabago ng saloobin ng mga mag-aaral sa pambansang identidad at nasyonalismo. Napatunayan ding mas nakatulong ang pamaraang ito sa pagkatuto ng mga kalahok tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas kumpara sa tradisyonal na kasaysayan.

**Rekomendasyon**

Maikli ang apat na buwang ginugol sa pananaliksik na ito upang lubos na makita ang epekto ng magkaibang pamaraan ng pagtuturo ng kasaysayan – ang tradisyonal na kasaysayan at kasaysayang bayan. Bagamat marami ang nagpapatunay na nakatutulong ang pag-aaral ng kasaysayan sa paghubog ng pambansang identidad at nasyonalismo ng mga indibidwal, kinakailangan pa ring suriin ang impormasyong ibinabahagi ng guro sa mga mag-aaral tungkol sa kasaysayan ng bansa. Nakapagpapalala lamang sa mababang pagtingin ng mga mag-aaral sa lahing kinabibilangan ang kasaysayang naglalaman ng makadayuhang pananaw. Ikinukulong nito ang kanilang isipan sa ideyang mas nakalalamang ang mga dayuhan sa mga Pilipino sa usapin ng katalinuhan at kalakasan.

Mahalaga ring maglaan ng mas mahabang panahon sa pagsusuri ng pagbabago ng saloobin ng mga indibidwal sa isang bagay. Batay sa resulta ng kwalitatibo at kwantitatibong datos sa papel na ito, bahagya lamang ang naging pagbabago sa saloobin ng mga kalahok sa kanilang pambansang identidad at damdaming makabayan. Posible pang suriin ang impluwensya ng iba pang anyo ng sosyalisasyon tulad ng pakikipag-ugnayan sa pamilya, kaibigan at media, gayon din ang pakikipagtalastasang nagaganap sa loob ng silid-aralan. Maaari ring gamitan ng magkatulad na pamaraan ng pagtuturo ang mga mag-aaral - gamit ang magkaibang pananaw sa kasaysayan - upang higit na makita ang epekto ng magkaibang pananaw sa nasyonalismo at pambansang identidad ng mga mag-aaral.

Sa mga naghahanda ng kurikulum at sumusulat ng batayang aklat sa kasaysayan, mahalagang isaalang-alang ang pananaw na ginagamit sa kasaysayan sapagkat nakaaapekto ito sa pagtingin ng mga mag-aaral sa bansa at sa katauhan ng mga Pilipino.

Para naman sa mga opisyal na nagpapasya sa kurikulum ng mababang paaralaan, mainam suriin ang isinusulong na pananaw ng RBEC sa kasaysayan ng bansa. Maaaring sa halip na makatulong ito sa paghubog ng nasyonalismo ay lalo pa itong nagpapalala sa mga negatibong damdamin ng mga mag-aaral para sa bayan.

Sa mga guro, mahalagang suriin ang sariling pananaw sa kasaysayan sapagkat nakaaapekto ito sa mga impormasyong higit na binibigyang-diin sa pagtalakay ng mga aralin. Makatutulong din ang paghahanda ng mga gawain kung saan magagamit ng mga mag-aaral ang halos lahat ng kanilang mga pandama. Sa pamamagitan nito, lubos na maikikintal sa kanilang isip ang mga bagay na pinag-aaralan sa klase.

**Mga Reperensya**

Abueva, J. 1999 . *The making of the Filipino nation*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Alfonso, O. 1967. *Beginnings of Filipino nationalism*. Mula kay J. Abueva, Filipino nationalism: Various meanings, constant and changing goals, continuing relevance. Quezon Cty: UP Press.

Alimorong, D. 2006 . *Tears at twilight: An interview with Franciso Sionil Jose*. Unbound Magazine, 2nd Issue.

Almario, V. 2001 . *UP diksyonaryong Filipino*. Pasig: Anvil at SWF.

Berns, R.M. 1997. *Personality theories*. Boston: Allyn & Bacon.

Brown, R. D. & D. Albarracin. *Attitudes over time: Attitude judgement and change.* Mula sa http://www.psych.ufl. edu/ -albarrac/lab/attitudes% 20over% 20time.pdf

Constantino, R. 1988. *Nationalism and liberation*. Quezon City: KARREL, Inc.

Cotton, K. 1989. *Educational time factors.* Northwest Regional Educational Laboratory. Mula sa http://www. nwrel. org/scpd/sirs/4/cu8.html

Cruz, R. (1976). *Ang kasaysayan at ang sariling pagkakakilanlan*. Mula sa The making of the Filipino nation. Quezon City: University of the Philippines Press.

Custodio, J., R.K. Mamorno, A.Nepomuceno, M. Pimentel, et al.1993. *Disiplina ng kasaysayan at panlipunang Pagbabago*. Mula sa Ulat ng unang pambansang Kumperensya sa historiograpiyang Pilipino: Paksa, paraan at pananaw sa kasaysayan. Lungsod Quezon: ADHIKA ng Pilipinas, Inc.

De La Costa, H. 1965. *The background of nationalism and other essays*. Manila: Solidaridad Publishing House.

De Manila, Q. 1996. *The invisible man in Philippine history*. Mula sa The making of the Filipino nation. Quezon City: University of the Philippines Press.

De Quiros, C. *"Forgetting is an instinct too,"* Philippine Daily Inquirer,(December 27, 2000), p. A6.

__________. *"Thefts, "* Philippine Daily Inquirer (November 20, 2002), p. A8.

Doronila. L. 1989. *Limits of educational change: National identity formation in a Philippine public elementary school*. Quezon City: University of the Philip pines Press.

__________. 1992. *National identity and social change*. Quezon City: UP Press & Center for Integrative & Development Studies.

Elkin, F. & G. Handel. 1989. *The child and Society*. Mula kay R. Berns, Personality theories. Boston: Allyn & Bacon.

Evans, R.W. 1988. Lessons from history: Teacher and student conceptions of the meaning of history. Theory and research in education.

Heyking, A.V. 2004. Historical thinking in the elementary years: A review of current research. *Canadian Social Studies special issue: Social Studies research and teaching in elementary schools*. Vol.30, No.1.

Hinde, E. R. & N. Perry. 2007. Elementary teachers' application of Jean Piaget's theories of cognitive development during social studies curriculum debates in Arizona. *The Elementary School Journal*. Vol.108, No.1. The University of Chicago.

Hutchinson, J. & A.D. Smith. 1994. *Nationalism*. Oxford: Oxford University Press.

Krug, M. M. 1967. *History and the social sciences: new approaches to the teaching of social studies*. Massachu-setts: Blaisdell Publishing Company.

Landicho, D.G. 2001. *Diskurso sa Pilipinismo: Pagsilang ng inang bayan*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines.

Lichauco, A. 1968. *Nationalism, economic development and social justice*. Report no. 20. Manila: Institue of Economic Studies and Social Action Araneta University.

Littlejohn, S. W. 2002. *Theories of human communication*. 7th ed. Australia: Wadsworth.

Llanes, F. 2001. *Ang bayan bilang paksa ng kasaysayang Pilipino.* Mula sa Seminar-palihan sa pagtuturo ngkasaysayan ng Pilipinas. Cagayan State University Auditorium.

Loong, L. S. 2007. America and Asia: Our shared future. (Speech). Asia society/ US-ASEAN business council gala dinner. Washington DC.

Lumbera, B. 2000. *Writing the nation/ pag-aakda ng bansa*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Marquez-Marcelo, E. 1984. *Parent and school variables and social studies textbook content: their relationship to students' nationalism scores*. Unpublished MA Thesis. Quezon City: UP College of Education.

McCrone, D. 1998). *The sociology of nationalism*. New York: Routledge.

Mulder, N. 1997. Filipino images of the nation. *Philippine Studies*. Vol.45. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Osorio, M. 1963. *Nationalism: An appraisal*. Mula kay J.Abueva, Filipino nationalism: Various meanings, constant and changing goals, continuing relevance. Quezon Cty: UP Press.

Ozkirimli, U. 2000. *Theories of nationalism: A critical introduction*. New York: St. Martin Press Inc.

Quibuyen, F. C. 1999. *A nation aborted : Rizal, American hegemony, and Philippine nationalism*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Rodriguez, B. F. 1991 . *"Identities, national consciousness and Filipino identity. "* Manila Bulletin.

Roxas, G. 1966. *To promote the growth of nationalism. Mula sa The making of the Filipino nation*. Quezon City: University of the Philippines Press.

San Jose, R. 1998. *Effects of problem solving teaching approach on students' problem-solving ability and attitude toward mathematics.* Unpublished MA Thesis. Quezon City: UP College of Education.

Santrock, J.W. 2002. *Life-span development*. 8th ed. Boston: McGrawHill.

Silberman, M. 1996. *Active learning: 101 strategies to teach any subject.* Boston: Allyn & Bacon.

Spencer, P. & H. Wollman. 2002. *Nationalism: Critical introduction*. London: Sage.

Spero, M.H. 1986. Aspects of identity development among nouveaux religious patients. Psychoanalytic study of the child.

Tan, E. L. 1991. *The development of self-concept*. Quezon City: Values Education Program Mirriam College Graduate School.

Tañada, L. 1955. *The future of Filipino nationalism*. Mula kay J.Abueva, Filipino nationalism: Various meanings, constant and changing goals, continuing relevance. Quezon Cty: UP Press.

Trinidad, A. C. 2007. *The concepts of national identity, home and nation of selected Filipino migrants in Spain: an exploratory study.* MA Thesis. Quezon City: UP College of Social Science and Philosophy.

Veneracion, J.B. 1990. *Agos ng dugong kayumanggi*. Quezon City: Abiva Publishing House, Inc.

Woolfolk, A. 2005). *Educational psychology*. 9th ed. Boston: Allyn & Bacon.

Ziadeh, N. 1970. *Nationalism in Asia and Africa* mula kay E. Kedourie.